Mga Halimbawa ng Magagaling na Guro

PANGULONG THOMAS S. MONSON
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Narinig natin ang ilan sa magagaling na guro sa Simbahan, na nagbigay sa atin ng magagandang paliwanag tungkol sa maraming elemento at alituntunin ng mahusay na pagtuturo.

Tulad ng nabanggit, lahat tayo ay maaaring ituring na guro, at lahat tayo ay may tungkuling magturo nang mahusay sa abot ng ating makakaya.

Nais kong ibahagi sa inyo ang ilang halimbawa ng mga taong nakilala ko na nakaimpluwensya sa buhay ko at nagturo sa akin ng mahahalaga at di malilimutang mga aral.

Bawat Isa ay may Kuwento

Iniisip ko ang isa sa ating emeritus na General Authority, na si Elder Marion D. Hanks, na mahusay na nagturo sa seminary, institute, at sa Simbahan. Gumamit siya ng maraming iba't ibang paraan ng pagtuturo.

Minsan, sa pagdalaw ni Elder Hanks sa isang misyon, ininterbyu niya ang lahat ng misyonero sa lugar na iyon. May asaynment ako sa kalapit na lugar at pinasakay ako sa sasakyan papuntang airport kasama ni Elder Hanks at ng mission president.

Sinabi ni Elder Hanks sa mission president na isang malaking pribilehiyo ang makausap at mainterbyu ang lahat ng misyonero. Sinabi niya na nabigyang-inspirasyon siya na tanungin ang isang babaing misyonero ng, "Puwede ka bang magkuwento sa akin tungkol sa iyong misyon at ano ang naramdaman mo nang tawagin kang maging misyonera."

Sinabi niya sa kanya na ang kanyang mapagpakumbabang ama, na isang magbubukid, ay nagsakripisyo nang malaki para sa Panginoon at sa Kanyang kaharian. Dalawang anak na lalaki ang sinusuportahan ng kanyang ama sa misyon nang kausapin siya nito isang araw tungkol sa hindi niya sinasabing kagustuhang magmisyon at ipinaliwanag sa kanya kung paano tinulungan ng Panginoon ang kanyang ama para matulungan siya.

Pumunta ang kanyang ama sa bukid para manalangin sa Panginoon, upang sabihin sa Kanya na wala na siyang ari-arian na maaaring ipagbili o isakripisyo o gamiting kolateral para makautang. Kailangan niyang malaman kung paano niya matutulungan ang kanyang anak na babae na makapagmisyon. Nakadama siya ng inspirasyon na magtanim ng sibuyas. Akala niya nagkamali siya ng intindi. Hindi tumutubo nang maganda ang mga sibuyas sa klimang ito; ang ibang mga magsasaka ay hindi nagtatanim ng sibuyas; wala siyang karanasan sa pangangalaga ng sibuyas.

Matapos salungatin ang Panginoon ng ilang panahon, nakatanggap uli siya ng inspirasyon na magtanim ng sibuyas. Kaya't nangutang siya sa bangko, bumili ng binhi, nagtanim at inalagaan ito, at nagdasal.

Naging maganda ang panahon; maganda ang tubo ng mga pananim na sibuyas. Ibinenta niya ang mga sibuyas; binayaran ang bangko, ang gobyerno at ang Panginoon; at inilagay

Habang binabasa ninyo ang mga karanasan sa mensahe ni Pangulong Monson, anong mga impresyon ang dumating sa inyo tungkol sa pagkatuto at pagtuturo? Anong mga karanasan ninyo bilang magaaral o bilang guro ang katulad ng mga halimbawa sa mga kuwentong ito?

Paano inilalarawan ng bawat karanasang ikinuwento ni Pangulong Monson ang mga katangian ng turo ng Tagapagligtas? Ipanalangin at isiping mabuti ang magagawa ninyo upang masundan ang halimbawa ng Tagapagligtas.

LARAWANG KUHA NG BUSATH PHOTOGRAPHY; DETALYE MULA SA *SI CRISTO AT ANG MAYAMANG BATANG PINUNO*, NI HEINRICH HOFMANN, SA KAGANDAHANG-LOOB NG C. HARRISON CONROY CO.

Ang puting sobre na naglalaman ng napakahalagang pondo para sa party namin ay iniabot ng maninipis na kamay ng guro namin sa nangangailangang kamay ng nagdadalamhating ama.

ang natira sa bangko sa pangalan ng anak niyang babae—sapat na pangsuporta sa buo niyang misyon.

Pagkatapos ay sinabi ni Elder Hanks sa mission president, "Di ko malilimutan ang kuwento niya o ang sandaling iyon o ang mga luha sa kanyang mga mata o ang tunog ng kanyang tinig o ang naramdaman ko nang sabihin niya sa akin, "Brother Hanks, wala akong alinlangan sa isang mapagmahal na Ama sa Langit na nakakaalam sa aking mga pangangailangan at tumutulong sa akin ayon sa Kanyang karunungan kung magpapakumbaba ako."

Itinuturo ni Elder Hanks ang isang napakahalagang aral: bawat bata sa loob ng silid-aralan, bawat kabataang lalaki o babae, bawat estudyante sa seminary o institute, bawat estudyante sa klase ng Gospel Doctrine, bawat misyonero—oo, bawat isa sa atin—ay may kuwento na naghihintay na maibahagi. Ang pakikinig ay isang mahalagang elemento habang tayo ay nagtuturo o natututo.

"Lalo pang Mapalad ang Magbigay Kay sa Tumanggap"

Naranasan ko noong bata pa ako na maimpluwensyahan ng isang napakahusay at inspiradong guro na nakikinig at nagmamahal sa amin. Ang pangalan niya ay Lucy Gertsch. Sa klase namin sa Sunday School, itinuro niya sa amin ang tungkol sa Paglikha ng mundo, ang Pagkahulog ni Adan, ang nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesus. Dinala niya sa klase bilang panauhing pandangal sina Moises, Josue, Pedro, Tomas, Pablo at, siyempre, si Cristo. Bagamat di namin sila nakita, natutuhan namin silang mahalin, igalang, at gawing huwaran.

Ang pinakamahusay at nakaiimpluwensiyang pagtuturo niya ay nangyari noong isang Linggo ng umaga ng malungkot niyang ipaalam sa amin ang pagpanaw ng ina ng isa naming kaklase. Alam naming wala si Billy nang umagang iyon ngunit di namin alam kung bakit siya wala.

Ang paksa sa aralin namin noon ay "Lalo pang mapalad ang magbigay kay sa tumanggap" (Mga Gawa 20:35). Sa kalagitnaan ng aralin, isinara ng guro namin ang manwal at binuksan ang aming mga mata at puso sa kaluwalhatian ng Diyos. Tanong niya, "Magkano ang pera natin sa pondo ng class party natin?"

Panahon noon ng Great Depression, kaya't may pagmamalaking sumagot na: "Apat na dolyar at pitumpu't limang cents."

Pagkatapos ay mahinahon niyang iminungkahi, "Ang pamilya ni Billy ay naghihirap at nagdadalamhati ngayon. Maaari kayang dalawin natin sila ngayong umaga at ibigay sa kanila ang pondo ninyo?"

Di ko malilimutan ang maliit na grupo namin na tatlong kanto ang layo ng nilakad, pumasok sa tahanan nina Billy, binati siya, ang kanyang mga kapatid, at ama. Halatang wala ang kanyang ina. Pahahalagahan ko tuwina ang mga luha sa mata ng lahat habang ang puting sobre na naglalaman ng napakahalagang pondo para sa party namin ay iniabot ng maninipis na kamay ng guro namin sa nangangailangang kamay ng nagdadalamhating ama.

Medyo palundag-lundag kaming bumalik sa chapel. Kailanman di naging ganoon kasigla ang mga puso namin, lubos ang kaligayahan namin,

MGA LARAWANG KUHA NI CHRISTINA SMITH

mas lumalim ang pang-unawa namin. Naturuan ng isang guro na binigyang-inspirasyon ng Diyos ang mga bata ng isang walang hanggang aral ng katotohanang mula sa langit: "Lalo pang mapalad ang magbigay kay sa tumanggap."

Maaari nating sabihin sa ibang salita ang mga sinabi ng mga disipulo patungong Emmaus: "Hindi baga nagaalab ang ating puso sa loob natin . . . samantalang binubuksan niya sa atin ang mga kasulatan?" (Lucas 24:32).

Kilala ni Lucy Gertsch ang bawat isa sa kanyang mga estudyante. Walang sawa niyang tinatawagan ang sinumang hindi nakakapunta tuwing Linggo o hindi regular na pumupunta. Alam naming inaalala niya kami. Wala ni isa sa amin ang makalilimot sa kanya o sa kanyang mga itinuro.

Pagkaraan ng maraming taon, bago pumanaw si Lucy ay nakausap ko siya. Nagbalik-tanaw kami sa mga araw noong guro pa namin siya. Pinag-usapan namin ang bawat miyembro ng klase namin at ang ginagawa nila ngayon. Ang pagmamahal at pag-aalala niya ay buong buhay niyang ipinagkaloob sa amin.

Ang mga Saligan ng Pananampalataya

Isa pang inspiradong guro sa buhay ko ay si Erma Bollwinkel, miyembro ng aming stake Primary board. Lagi niyang binibigyang-diin ang kahalagahan ng pag-aaral ng Mga Saligan ng Pananampalataya. Sa katunayan, hindi kami makakatapos ng Primary hangga't hindi namin tagumpay na mabibigkas sa kanya ang bawat saligan ng pananampalataya —isang malaking hamon para sa makukulit na batang lalaki, ngunit nagtiyaga at nagtagumpay kami. Bunga nito, sa buong buhay ko, kaya kong bigkasin ang Mga Saligan ng Pananampalataya.

Sa loob ng maraming taon bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, may tungkulin ako sa East Germany, kilala rin bilang German Democratic Republic. Sa asaynment na ito, nakatulong sa akin ang Mga Saligan ng Pananampalataya. Sa bawat pagbisita ko roon sa loob ng 20 taong pinamahalaan ko ang lugar na ito, lagi kong ipinaaalala sa mga miyembro natin doon ang ikalabindalawang Saligan ng Pananampalataya: "Naniniwala kami sa pagpapasailalim sa mga hari, pangulo, namamahala, at hukom, sa pagsunod, paggalang at pagtataguyod ng batas."

Ang mga miting namin sa dating kilala bilang Iron Curtain ay laging minamatyagan ng pamahalaang komunista roon. Noong unang bahagi ng 1980s, nang humingi kami ng pahintulot mula sa opisyal ng pamahalaan na magtayo ng templo roon, at kalaunan ay humingi ng pahintulot para sa mga kabataang lalaki at babae sa lugar na iyon para makapagmisyon sa buong mundo at para sa iba na makapasok sa kanilang bansa para magmisyon, ay nakinig sila at sinabing, "Elder Monson, minatyagan ka namin sa loob ng 20 taon, at nalaman namin na mapagkakatiwalaan ka namin at ang iyong Simbahan sapagkat tinuturuan mo at ng iyong Simbahan ang inyong mga miyembro na sundin ang mga batas ng lupain."

Magbabahagi ako ng isa pang halimbawa ng kahalagahan na matutuhan ang Mga Saligan ng Pananampalataya. Apatnapu't limang taon na ang nakalilipas nakatrabaho ko ang isang lalaki na nagngangalang Sharman Hummel sa palimbagan sa Salt Lake City. Minsan inihatid ko siya sa bahay niya mula sa trabaho at tinanong kung paano siya nagkaroon ng patotoo sa ebanghelyo.

Sumagot siya, "Mabuti, Tom, na naitanong mo iyan, sapagkat sa linggong ito kami ng aking asawa, ng aming mga anak ay pupunta sa Manti Temple, para ibuklod doon sa kawalang-hanggan."

Ikinuwento pa niya: "Nakatira kami noon sa silangang Estados Unidos. Nagbiyahe ako sakay ng bus patungong San Francisco para magtrabaho sa bagong kompanya ng palimbagan, at pagkatapos ay papupuntahin ko na lang doon ang aking asawa at mga anak. Walang anumang nangyari sa paglalakbay ng bus mula New York City hanggang Salt Lake City. Subalit sa Salt Lake City may sumakay na batang babae sa bus—isang Primary—na umupo sa tabi ko. Papunta siya sa Reno, Nevada, para dalawin ang kanyang tiya. Nang papunta na kami pakanluran, napansin ko ang isang karatula: 'Bisitahin ang Mormon Sunday School ngayong linggo.'

"Sinabi ko sa bata, 'Siguro maraming Mormon sa Utah, ano?'

"Sumagot siya, 'Opo, sir.'

"At sinabi ko sa kanya, 'Mormon ka ba?'

"Muli siyang sumagot ng: 'Opo, sir.'"

At nagtanong si Sharman Hummell, "Ano ang paniniwala ng mga Mormon?" At binigkas ng batang iyon ang unang Saligan ng Pananampalataya; at may sinabi tungkol dito. Nagpatuloy ito sa pagsasabi sa kanya ng pangalawang Saligan ng Pananampalataya at may sinabi tungkol dito. Pagkatapos ang pangatlo at pang-apat at panglima at pang-anim at ang lahat ng Saligan ng Pananampalataya at may sinabi tungkol sa lahat ng ito. Alam niya ang pagkakasunud-sunod ng mga ito.

Sabi ni Sharman Hummel, "Nang makarating kami sa Reno at hinayaang makababa ang bata patungo sa bisig ng kanyang tiya, naapektuhan

ako nang husto."

Sabi niya, "Sa buong biyahe patungo sa San Francisco naisip ko, 'Ano ang nagbigay-inspirasyon sa batang babae na iyon na alaming mabuti ang kanyang doktrina?' Nang dumating ako sa San Francisco, ang una kong ginawa," sabi ni Sharman, "ay hanapin sa direktoryo Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Tinawagan ko ang mission president, at nagpadala siya ng dalawang misyonero sa tinutuluyan ko. Naging miyembro ako ng Simbahan, gayundin ang aking asawa at lahat ng aming anak, dahil alam ng batang iyon sa Primary ang kanyang Mga Saligan ng Pananampalataya."

Naisip ko ang mga salita ni Apostol Pablo: "Sapagka't hindi ko ikinahihiya ang evangelio: sapagka't siyang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas" (Mga Taga Roma 1:16).

Tatlong buwan pa lamang ang nakalipas, pumunta ang pamilyang Hummel sa Salt Lake City para sa kasal ng kanilang anak na babae, si Marianne. Dumaan sila sa opisina; masaya ang pag-uusap namin. Dumating lahat ang 6 nilang anak na babae, kasama ang 4 na manugang na lalaki, at 12 apo. Ang buong pamilya ay nanatiling aktibo sa Simbahan. Ang bawat anak na babae ay nakapasok na sa templo. Hindi mabilang ang mga taong nadala sa kaalaman ng ebanghelyo ng mga miyembro ng pamilyang ito—lahat ng ito ay dahil sa naituro sa isang bata ang Mga Saligan ng Pananampalataya at siya ay may kakayahan at lakas ng loob na ipahayag ang katotohanan sa taong naghahanap ng liwanag ng ebanghelyo.

"Lagi Kayong Handa"

Gusto ko ang utos ng Panginoon na makikita sa ika-88 bahagi ng Doktrina at mga Tipan: "Binibigyan ko kayo ng kautusan na turuan ninyo ang isa't isa ng doktrina ng kaharian. Masigasig kayong magturo at ang aking biyaya ay dadalo sa inyo" (D at T 88:77–78).

Maraming taon na ang nakaraan, habang ako ay naglalakbay sakay ng eroplano para sa isang asaynment sa timog California, isang bata at magandang babae ang umupo sa katabi kong upuan. Sinimulan niyang basahin ang isang aklat. Dahil sa mausisa, sinulyapan ko ang pamagat: *A Marvelous Work and a Wonder*.

Sabi ko sa kanya, "Ah, siguro Mormon ka."

Sumagot siya, "Ay, hindi po. Bakit po ninyo naitanong?"

Sabi ko, "Kasi, binabasa mo ang isang aklat na isinulat ng isang bantog na miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw."

Sabi niya, "Ganun po ba? Ibinigay ito ng kaibigan ko, pero wala akong gaanong nalalaman dito. Gayunpaman, nagkainteres ako."

Pagkatapos naisip ko, "Mangangahas ba ako at magkukuwento pa tungkol sa Simbahan?" At naisip ko ang mga salita ni Apostol Pedro: "Lagi kayong handa ng pagsagot sa bawa't tao na humihingi sa inyo ng katuwiran tungkol sa pagasang nasa inyo" (1 Pedro 3:15). Nagpasiya ako na ito ang pagkakataon ko na magpatotoo.

Sinabi ko sa kanya na nagkaroon ako ng pagkakataon noong nakalipas na mga taon na tulungan si Elder Richards sa pagpapalimbag ng *A Marvelous Work and a Wonder*. Sinabi ko sa kanya ang tungkol sa dakilang tao na iyon. Sinabi ko sa kanya ang tungkol sa maraming libu-libong tao na tumanggap sa katotohanan matapos basahin ang kanyang isinulat.

Nagkaroon ako ng pagkakataon, sa biyahe hanggang Los Angeles, na sagutin ang kanyang mga tanong na may kaugnayan sa Simbahan—mahuhusay na tanong na nagmula sa pusong naghahanap ng katotohanan. Tinanong ko kung maaari akong magpapunta ng dalawang misyonera sa kanya. Tinanong ko kung gusto niyang dumalo sa ating branch sa San Francisco kung saan siya nakatira. Pumayag siya.

Nang makauwi ako, sumulat ako kay President Irven G. Derrick ng San Francisco Stake at ibinigay sa kanya ang impormasyong ito. Para niyo ng nakita ang tuwa ko nang, mga ilang buwan lang, ay tinawagan ako ni President Derrick at sinabing, "Elder Monson, tumawag ako dahil kay Yvonne Ramirez, isang nakabakasyong flight attendant, isang dalaga na nakatabi mo sa eroplano patungong Los Angeles, ang dalagang sinabi mong hindi lang nagkataon na nakatabi mo at nagbabasa siya ng *A Marvelous Work and a Wonder* sa biyaheng iyon. Brother Monson, siya ang pinakabagong miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Gusto ka niyang kausapin at magpasalamat." Siyempre tuwang-tuwa ako. Napakagandang balita nito.

Halimbawa ni Pangulong McKay

Ang isang halimbawa ng mahusay na guro ay si Pangulong David O. McKay, na siyang tumawag sa akin na maging miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. Nagturo siya nang may pagmamahal at pagsasaalang-alang. Siya ang pinakamagandang halimbawa ng kanyang itinuturo. Mabait siya, at magiliw. Siya ay guro ng katotohanan katulad ng Tagapagligtas.

Napansin ko ang ugaling ito noon bago pa ako naging General Authority,

Ang hapunan sa araw ng Linggo ay palaging mas masarap ang lasa matapos akong makabalik mula sa paggawa ng iniutos sa akin.

nang pumasok ako sa opisina niya para rebyuhin ang ilang printing proof ng isang aklat na iniimprenta namin. Sa pagkakataong iyon, napansin ko ang isang larawan sa dingding, at sinabi ko sa kanya, "Pangulong McKay, ang gandang larawan niyan. Iyan ba ang larawan ng tahanang kinalakhan mo sa Huntsville, Utah?"

Sumandal siya sa kanyang upuan at tumawa na pamilyar sa isang David O. McKay at sinabing, "Ikukuwento ko sa iyo ang tungkol sa larawan. Isang mabait na babae ang nakipagkita sa akin isang araw ng taglagas at ipinakita sa akin ang magandang larawang iyan, nakakuwadro na at maaari nang isabit sa dingding. Sabi niya, 'Pangulong McKay, ginugol ko ang tag-araw sa pagguhit sa larawang ito ng tahanan ng iyong mga magulang.'" Sinabi niya na tinanggap niya ang regalo at lubos na nagpasalamat sa babae.

At pagkatapos sinabi niya sa akin, "Alam mo, Brother Monson, maling bahay ang naiguhit ng mabait na babaing iyon. 'Yung kabilang bahay ang naiguhit niya! Wala akong lakas ng loob na sabihin sa kanya na mali ang naiguhit niyang bahay."

Subalit ito ang sabi niya—at narito ang isang mahalagang aral para sa ating lahat. Sabi niya, "Sa totoo lang, Brother Monson, naiguhit niya ang tamang bahay para sa akin, dahil, noong bata pa ako, kapag nahihiga ako sa kama na nasa harapang balkonahe sa bahay ng mga magulang ko, ang natatanaw ko mula sa balkonahe ay ang mismong bahay na iginuhit niya. *Talagang* naiguhit niya ang tamang bahay para sa akin!"

Mga Aral Tungkol sa Paglilingkod sa Iba

Ang ilan sa pinakamagagandang aral sa buhay na natututuhan natin ay mula sa ating mga magulang. Ang mga magulang ko ay nagturo ng mahahalagang aral habang ako ay lumalaki. Madalas na may kaugnayan sa paglilingkod sa iba ang mga aral na iyon. Marami akong alaala noong kabataan ko. Ang paghihintay ng hapunan tuwing Linggo ay isa sa mga ito. Tulad noong mga bata pa kami na sabik na naghihintay ng hapunan sa mesa at iniisip na mamamatay na kami sa gutom sa nalalanghap na mabangong amoy ng inihurnong karne ng baka sa kusina, ay sasabihin sa akin ni Inay, "Tommy, bago tayo kumain, dalhin mo ang pagkaing ito na inihanda ko sa bahay ni Mang Bob, at bumalik ka agad."

Hindi ko maunawaan kung bakit hindi muna kami kumain at saka na lang ihatid ang pagkain sa kanya. Hindi ako kailanman nagtanong subalit patakbo akong pumupunta sa bahay niya at matiyagang naghihintay sa paglapit sa pinto ng matandang si Bob. Pagkatapos ibibigay ko na sa kanya ang pagkain. Ibibigay naman niya sa akin ang napakalinis na pinggan mula sa nakaraang Linggo at pagkatapos aabutan niya ako ng 10 sentimos bilang bayad sa serbisyo ko.

Palaging ganito ang sagot ko: "Hindi ko matatanggap ang pera. Hindi matutuwa si Inay."

Hahaplusin ng kulubot niyang kamay ang *blond* kong buhok at sasabihing, "Iho, napakabait ng iyong ina. Sabihin mo sa kanya na salamat."

Naalala ko rin na mas sumasarap ang hapunan matapos kong magawa ang iniutos sa akin.

Ang ama ng aking ina, si Lolo Thomas Condie, ay tinuruan din ako

Dumukot si Lolo sa kanyang bulsa at kinuha ang isang susi at ibinigay ito sa Matandang si Bob.

ng isang magandang aral na may kaugnayan din kay Mang Bob, na dumating sa aming buhay sa paraang kasiya-siya. Balo siya sa edad na mga 80s nang ang bahay kung saan siya umuupa ng isang silid ay gigibain na. Narinig ko na ikinukuwento niya sa lolo ko ang mahirap niyang kalagayan habang nakaupo kaming tatlo sa lumang duyan na nasa harapan ng balkonahe ng lolo ko. Sa malungkot na tinig, sinabi niya kay Lolo, "G. Condie, hindi ko na alam ang gagawin ko. Wala na akong pamilya. Wala akong mapupuntahan. Kaunti lang ang pera ko." Naisip ko kung ano kaya ang isasagot ni Lolo.

Patuloy lang ang pag-ugoy namin sa duyan. Pagkatapos dumukot si Lolo sa kanyang bulsa at kinuha ang lumang leather na pitaka, na bilang sagot sa pangungulit ko, ay naglabas ng maraming barya para panglibre ng pagkain. Sa pagkakataong ito tinanggal niya ang isang susi at ibinigay kay Mang Bob.

Magiliw niyang sinabing, "Bob, narito ang susi sa kabilang bahay na pag-aari ko. Kunin mo ito. Ilipat mo ang mga gamit mo. Tumira ka roon hangga't gusto mo. Wala kang babayarang upa at wala nang muling magpapaalis sa iyo."

Napuno ng luha ang mga mata ni Mang Bob, tumulo sa kanyang mga pisngi, at nawala sa kanyang mahabang, puting balbas. Mangiyak-ngiyak din si Lolo. Hindi ako nagsalita, subalit nang araw na iyon lalo akong humanga sa aking Lolo. Ipinagmamalaki ko na ipinangalan ako sa kanya. Bagamat bata pa lang ako noon, malaki ang naging epekto ng aral na iyon sa buhay ko.

Ang mga ito ang ilan sa mga aral na natutuhan ko mula sa mga taong nakaimpluwensya sa buhay ko at nagturo sa akin.

Muli, inuulit ko na lahat tayo ay guro. Dapat nating alalahaning hindi lamang tayo nagtuturo sa pamamagitan ng mga salita; nagtuturo rin tayo sa pamamagitan ng ugaling nakikita sa atin at kung paano tayo namumuhay.

Ang Perpektong Halimbawa

Sa pagtuturo natin sa iba, nawa'y sundan natin ang halimbawa ng perpektong guro, ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo. Iniwanan Niya ang mga bakas ng Kanyang mga paa sa buhanginan ng dalampasigan subalit ang mga itinuro Niyang mga alituntunin ay iniwanan Niya sa mga puso at sa buhay ng lahat ng Kanyang tinuruan. Inutusan Niya ang Kanyang mga disipulo noon—at sinabi Niya sa atin ang gayunding mga salita—"Sumunod ka sa akin" (Juan 21:22).

Nawa'y humayo tayo na sumusunod, nang sa gayon ay masabi sa bawat isa sa atin ang sinabi ng Manunubos, "Ikaw ay isang guro na nagbuhat sa Dios." Nawa'y mangyari ito, ang dalangin ko, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

DETALYE NG LARAWAN NG *CHRISTUS*